



# GABAY NG INDUSTRIYA PARA SA COVID-19: Nakabahaging Transportasyon sa Agrikultura



Ang transportasyong ginagamit ng mga maggagawa sa agrikultura ay maaaring ibigay ng employer, may-ari/ operator, o kontratista, o maaaring carpool na inayos ng mga magsasaka. Ang mga sumusunod na pagsasaalang-alang ay nalalapat sa bigay ng employer na transportasyon papunta at mula sa lugar ng gawaing pang-agrikultura:



## Mga Kinakailangan para sa Mga Pasahero at Mga Tsuper

- Ang lahat ng pasahero at tsuper ay dapat magsuot ng [mga takip sa mukha](#) kapag nasa sasakyan.
- Dapat sundin ng mga pasahero at tsuper ang [etiketa sa pag-ubo at pagbahing](#) kapag nasa loob ng sasakyan.
- Ang mga pasahero at tsuper ay dapat maglinis ng kamay (maghugas ng kamay/sanitizer sa kamay) bago pumasok sa sasakyan at pagdating sa destinasyon.
  - Paghuhugas ng kamay: Maghilod gamit ang sabon at tubig sa loob ng 20 segundo.
  - Sanitizer sa Kamay: Gumamit ng sanitizer na may hindi bababa sa 60% ethanol o 70% isopropanol
- Lumayo nang kahit man lang 6 na talampakan na pagitan habang naghihintay ng transportasyon.
- Magsagawa ng screening para sa [sintomas](#) at temperatura sa lahat ng pasahero bago sumakay sa sasakyan ng transportasyon.
- Kung maaari, sumakay papunta sa trabaho kasama ng parehong mga tao araw-araw.



## Pag-configure ng Transportasyon

- Magbigay ng mas malaking espayo sa pagitan ng mga pasahero kung maaari, tulad ng pag-iwan ng gitnang upuan at halinhinan ng hanay nang hindi okupado.
- Pagpangkatin ang mga pasahero ayon sa mga nakatira nang magkasama at/o magkaka-crew kapag nagsasakay.
- Dagdagan ang bilang ng mga sasakyan at ang dalas ng biyahe kung maaari, upang limitahan ang bilang ng tao sa loob ng sasakyan nang sabay-sabay.
- Gawing available para sa mga sakay ang kalinisan ng kamay (paghuhugas ng kamay/sanitizer sa kamay).
- Magpapasok ng sariwang hangin sa sasakyan sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga bintana kung posible. Kung gumagamit ng air conditioning, gumamit ng hanging mula sa labas. Huwag gamiting muli ang hangin mula sa loob ng sasakyan.



## Mga Pamamaraan sa Paglilinis

- Ang mga sasakyan ng transportasyon ay dapat linisin at disimpektahin alinsunod sa [gabay para sa mga pampubliko at pribadong tagadala ng pasahero](#) bago at pagkatapos ng bawat biyahe, o araw-araw bilang minimum.
- I-sanitize ang mga lugar na mataas ang paggamit kabilang ang mga upuan, mga hawakan ng pinto, mga hawakan ng kagamitan, atbp, pagkatapos ng bawat biyahe, o regular sa buong araw.
- Linisin ang lahat ng bahagi ng taksi ng mga tsuper sa pagitan ng shift o mga sakay.
- Kapag tinutulungan ang mga pasahero, dapat linisan ng tsuper ang kanilang mga kamay bago at pagkatapos ng pakikisalamuha.
- Ang karagdagang [gabay sa paglilinis para sa pampubliko at pribadong sasakyan](#) ay may listahan ng mga naaangkop na gamit sa paglilinis at higit pa.

**Kung ikaw ay may sakit o may malapit na ugnayan sa isang taong may COVID-19, manatili sa bahay maliban kung naghahanap ng pangangalagang medikal. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano manatiling ligtas sa trabaho. Bisitahin ang [Covid19.ca.gov](https://www.covid19.ca.gov)**

# GABAY NG INDUSTRIYA PARA SA COVID-19: Nakabahaging Transportasyon sa Agrikultura

Narito ang mga paraan na makakatulong ka upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 kapag nagka-carpool:



**MAGSUOT NG PANTAKIP SA MUKHA** sa loob ng nakabahaging sasakyan

Gumamit ng **SARIWANG HANGIN** sa pamamagitan ng mga **SINGAWAN** o **BINTANA**



**TAKPAN ANG MGA PAG-UBO** at **PAGBAHIN**

**LINISIN** at **DISIMPEKTAHIN** ang mga ibabaw nang madalas



**LIMITAHAN ANG BILANG** ng mga tao

Gumamit ng wastong **KALINISAN SA KAMAY**



**SUMAKAY** tungo sa trabaho **KASAMA** ng **PARE-PAREHONG TAO**

Lumayo nang kahit man lang **ANIM NA TALAMPAKAN NA PAGITAN** habang naghihintay



U.S. Department of Health and Human Services  
Centers for Disease Control and Prevention

Kung ikaw ay may sakit o nagkaroon ng malapit na ugnayan sa isang taong may COVID-19, manatili sa bahay maliban kung naghahanap ng pangangalagang medikal.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano manatiling ligtas sa trabaho, bisitahin ang [cdc.gov/coronavirus](https://www.cdc.gov/coronavirus)

[Covid19.ca.gov](https://www.covid19.ca.gov)